

CHAPTER *One*

“Hello?” untag ng nasa kabilang linya nang sinagot ni Tony Rose ang kanyang cellphone. Hindi siya kaagad nakapagsalita dahil nagulat siya sa pagtawag ni Raphael, ang tinuturing niyang nakakatandang kapatid. Halos kasabay niya itong lumaki sa kanilang bahay.

Kinupkop ito ng papa niya noong binatilyo pa lamang ito matapos maulila sa mga magulang at walang kamag-anak na makita. Iyon ay bilang pagtanaw ni Captain Antony Arcangel ng utang na loob kina Raphael at sa mga magulang nito sa pagliligtas ng buhay nito at ng ilang kasamahang sundalo sa isang engkwentro laban sa mga rebelde sa Cagayan Valley. Nanatiling Abella ang apelyido

ni Raphael dahil hindi ito pumayag na tuluyang ampunin ng kanyang ama. He wanted to keep his identity.

“Kuya Raphy! Bakit?” napakunot-noo niyang sabi dahil sa pagtataka. Bihira kasi siya nitong kausapin at lalo pa ang tawagan sa phone kapag umuuwi sa bahay.

Kababalik lang nito galing sa isang rotation sa isang military hospital sa Nueva Ecija. Parte iyon ng training ng isang doktor ng *Armed Forces of the Philippines*.

“Nasaan ka?” anito.

“Nasa university.”

Natawa ito. “Alam ko.”

Ano’ng problema nito? Pakiramdam ni Tony ay siya ang pinagtawanan ni Raphael.

Hindi na kasi niya nababasa ang iniisip at kilos ng binata, di tulad dati. At hanggang ngayon ay hindi pa rin siya sigurado kung bakit at paanong bigla na lang nagkalayo ang loob nila. Like they had slowly become strangers to each other.

“I mean, nasaan ka dito sa campus?” anito.

Lalong napasimangot ang dalaga. Parang nakita naman niya sa isip na seryoso at nabuwisit si Raphael dahil hindi siya kaagad sumagot.

“Palabas na ng classroom. Dito sa *College of Fine Arts*. Pauwi na,” seryoso ring aniya pero nagtataka pa rin sa mga tinatanong ng binata.

“Hintayin mo ako sa harap ng college mo. Malapit na ako,” sagot ni Raphael. Mukhang mula sa kotse nito ito tumatawag.

“Huh? Bak....” Hindi natuloy ni Tony ang sasabihin dahil pinutol na nito ang linya.

Bakit pupunta siya rito? Puwede naman kaming magkita na lang sa bahay?

May ipagdiriwang na okasyon kaya alam niyang magkikita’t magkikita sila nito mamaya sa bahay, pati ang tatay niya.

“Yo, Alex!”

Lumington sa kanya ang kamag-aral niyang kumukuha din ng Master’s course sa Fine Arts tulad niya. Naglilinis ito sa lababo ng mga brushes na ginamit nito.

“Sabihin mo na lang sa kanila na kailangan ko nang umuwi. Birthday ni Tita Leonor,” paalam niya rito. Kabarkada rin niya ito at kasama sa crew. Ang huli ang tawag sa isang hip hop dance group. Iyon ang nakahiligan niya noong nasa high school siya, katulad din ng pagguhit at pagpinta. Lalo na nang nadiskubre niyang nagagamit niya sa pagsayaw

ang mga natutunan niya sa taekwondo classes. Isa si Tony sa tatlong natitirang orihinal na miyembro ng crew nila.

Absent muna siya sa practice nila sa araw na iyon kahit nalalapit na ang kompetisyong sasalihan nila. Mas importante kasi ang birthday ni Tita Leonor. Maiintindihan naman iyon ng kanyang mga kasamahan.

Si Leonor ang bunsong kapatid ng papa niya na tumayo ina sa kanya dahil namatay ang mama niya matapos siyang ipanganak. Tuluyang pumalya ang sakit sa puso ng ina nang ipanganak siya.

Hindi na nakapag-asawa ang tita niya dahil sa pag-aalaga sa kanilang mag-ama. Hindi na rin naisipan ng papa niya na muling magpakasal.

Tumango si Alex at ngumiti. “No problem. Just greet her for us. Kung hindi lang kami banned sa bahay n’yo, sinayawan din namin siya nina Paolo.” Pilyong humalakhak ito.

Tanggap ng kanyang tiyahin ang pagsasayaw niya, hindi gaya ng tatay niya.

“Hindi performing arts ang hip hop. Wala kayong mararating sa sayaw n’yong pangkalye. And those boys! Parang mga addict. How did you end up being friends with them?” sabi ng papa niya

noong malaman nito ang pinagkakaabalahan niya. Nagkataong kagagaling lang nila sa isang contest at 'krumping' ang istilong isinayaw nila noon. At dahil sa costume at makeup, parang high sa gamot nga ang kanilang mga hitsura.

Patago pa ring pinagpatuloy ni Tony ang pagsasayaw. Mas masaya siya ngayon kasi mula nang umalis sa *Army*, madalas umalis ang ama para sa mga business trips. Retiradong heneral na ito ngayon. Malaya nang nakapagpapagabi sa labas o kaya, hindi siya umuuwi tuwing may ensayo at sumasali sila sa kompetisyon.

Buo ang suporta ni Leonor sa kanya at hinahayaan siyang maabot ang buong potensyal niya. Gaya ng pangarap niyang maging kilalang artist balang araw na tinutulan din ng ama kaya kahit nakapasok sa isang prestisyosong art school at nananalo ang mga likha niya sa madaming pambansang patimpalak. Isa pa rin siyang kabiguan para sa heneral.

"Hindi career ang pagpipinta't pagsasayaw," lagi niyang naririnig na sabi ng papa niya. "Maiintindihan mo ako pagtanda mo." He thought those were just hobbies for her.

"Loko ka! Baka gusto mong i-ban na din niya kayo at huwag na akong payagang sumama sa n'yo."

natawang sagot ni Tony sa kaibigan. “O sige na, baka ma-late tayo pareho,” aniya nang maalala si Raphael. Tinapik niya si Alex sa balikat bago nagmadaling tinungo na ang exit ng kolehiyo.

Halos tumakbo siya dahil baka hindi siya madatnan ni Raphael at magalit ito. Napansin niyang parang lagi itong seryoso at istrikto nitong nakakaraan. Pinupuna siya ng binata palagi at kinakagalitan pa minsan.

She could now see her father in him. Kaya hindi siya nagtataka na nagpa-commission din ito sa military. Isa na ring kapitan si Raphael ngayon, at maaaring maging isang major kapag naging consultant na.

Tamang-tama namang patapat na ang pamilyar na black *Lexus RC* coupe sa entrance nang makalabas siya sa gusali.

Agad niya iyong nilapitan nang huminto at naghintay na magbukas ang bintana.

“Bakit ayaw mo pang sumakay?” Si Raphael nang ibaba nito ang bintana. Seryoso na naman. Pero nanatiling nakatayo lang si Tony. “Sinusundo mo ba ako?” hinihingal pang aniya.

Pinigilan nitong matawa.

Tony felt stupid again. Bakit nga naman magda-

drive ang binata papunta roon kung makikipag-usap lang pala?

“Papasama ako sa ’yo. Para sa regalo ko kay Tita Leonor.” Sa wakas, sumagot ito dahil humahaba na ang mga nakapila ritong sasakyan.

Hindi na nakatangging sumakay sa harap si Tony katabi ni Raphael kahit gusto sana niyang sa likod pumwesto. Dahil coupe ang sasakyan, tig-isang pinto lang ang nasa bawat gilid at kailangang iusod ang upuan sa harapan para makaupo sa likuran. Baka lalo silang maantala kung doon pa siya sasakay.

Tiningnan siya ni Raphael nang sandaling inalis ang atensyon sa pagmamaneho pagkapaandar sa kotse. “Are you alright?” anito.

No. Because I am not comfortable being alone with you, muntik na niyang isagot nang lingunin ito.

“Yes. Medyo hiningal lang. I dashed outside our building.”

Natawa si Raphael. “Halatang hindi ka na tumatakbo.”

Napatingin siya rito. Isa iyon sa mga activities nila dati. Nagja-jogging sila tuwing umaga sa mga daan sa loob ng unibersidad. Natigil iyon nang mag-aral na ang binata ng Medisina.

Wala na kasi akong kasama, gusto sana niyang

sabihin.

“Naging busy na kasi,” saad niya na lang saka pilit ngumiti. “Saan pala tayo pupunta, Kuya? May idea ka na kung ano’ng ireregalo mo kay Tita?”

“Yes, and I think she will be surprised and very delighted,” masaya nitong tugon. Animo nananabik sa binabalak, at inaasahan na ang tagumpay ng plano.

Bahagyang nagtaka si Tony sa positibong disposisyon ng itinuturing na kapatid nang mga sandaling iyon.

“Siguro hindi na gaanong demanding ang mga trabaho mo sa hospitals ’no?” wala sa loob na nasabi ni Tony. Walang ekspresyon ang kanyang mukha dahil pinakikiramdaman niya ang binata. Animo sa isang maling salita o hakbang ay babalik si ‘Antony II.’ Iyon ang lihim niyang tawag kay Raphael dahil nahawa na ito sa kanyang papa.

“Bakit mo naman nasabi iyon?” Sandali siyang nilingon ni Raphael na nagtataka.

“Parang hindi ka na kasi masyadong masungit.”

“Masungit?” Parang gustong matawa ng katabi pero lalong napakuno’t noo.

Yikes! Me and my big mouth. She had let her guard down.

Napansin niyang naghihintay pa rin si Raphael sa kanyang eksplanasyon. “Sorry. Alam kong mahirap mag-aral ng Medicine. Saka siguro kapag lagi kang napapaligiran ng mga military personnel and you are abiding by their rules and conduct, mai-imbibe mo din ang local practices and personality nila,” napilitan niyang sabi.

Ito rin ang mga sinasabi ni Tony sa sarili kapag nalulungkot dahil parang nawala na ang kanyang matalik na kaibigan at tagataguyod kay Raphael. Either the military or the Medicine course changed him. Parehong mahirap kaya dapat maging matatag ito at focused, iyon ang pangkumbinsi niya sa sarili dahil ayaw niyang isiping kasalanan niya kaya ito nagbago.

Si Tony kasi ang talagang pinag-aaral ng Medisina ng papa niya. Pero nanindigan siyang Art course ang kunin. Taliwas iyon sa tradisyon ng pamilya nila na dalawang career path lang: kung hindi maging doctor o kaya pumasok sa military.

Nadismaya at nagalit ang papa niya. Bumalik ang roles nila ni Raphael noong mga binatilyo’t dalagita pa sila, noong mga panahong hindi pa niya matanggap ang pagdating ng bagong miyembro ng kanyang pamilya.

Si Raphael ang brilliant at masunuring tupa at si Tony ang black sheep. At parang naging sacrificial lamb na iniwan ni Raphael ang trabahong may kaugnayan sa Information Technology kahit kumikita na ito ng malaki. Pinalagpas ng binata ang oportunidad na makapagtrabaho sa ibang bansa para mag-aral muli ng isang kursong ubod ng layo sa tinapos nito. Para lang pahupain ang galit ng papa niya. At para mas pasayahin pa ito, nagsanay rin si Raphael sa military.

Balewala sana iyon sa dalaga dahil sanay na siya at sinasadya pa nga dati na maging pasaway para pansinin ng ama. Kaso pati ang magandang relasyon nila ni Raphael ay naapektuhan. Kaya sinanay niya ang sarili na hindi umasa o humingi ng tulong dito, di gaya dati.

“Sorry if you think I changed that much.” Sa wakas ay sumagot si Raphael at malungkot na tumingin sa kanya. “Promise, I’ll make it up to you.” Bahagya itong ngumiti.

Natulalang tiningnan lang ni Tony si Raphael. Hindi inaasahan ang mga narinig, pero aminado siyang pinangarap niya iyon.

I guess I just really missed the Raphael that I know.

CHAPTER *Two*

“*T*his is too much...” nahihiyang sabi ni Tony nang marating nila ni Raphael ang isang mamahaling boutique para ibili siya ng damit at accessories.

“Kuya, sigurado ka?” hindi pa rin makapaniwalang tanong niya.

Iyon pala ang isa sa mga regalo ng binata sa tita niya, bukod sa fancy dinner sa isang restaurant sa loob ng kilalang five-star hotel.

Kinuntsaba na nito ang papa niya, na nasa bahay rin ngayon para dalhin ang Tita Leonor niya.

“Don’t worry...” anito. “I think Tita Leonor will be very happy kapag nakita ka niyang nakaayos.” Nakangiti ito.

“Raphy? Wow!” bati ng isang nakaposturang babae na bahagya lamang ang tanda sa kasama niya. “I’m glad that you came to visit my shop despite your busy schedule.” Sinalubong sila nito at nakipagbeso-beso sa binata.

Dati pala itong classmate ni Raphael sa med school pero hindi na nito itinuloy ang panggagamot dahil naging mas masaya na bilang entrepreneur.

Makahulugan itong tumingin sa kanilang dalawa.

Umiling si Raphael at natawa. “Sister ko, si Tony Rose.”

Natigilan siya. She really hated being called in her full name. Pinapaalala kasi niyon sa kanya na kamukhang-kamukha din niya ang mama niyang si Rose. Hindi rin tuloy makalimutan ng ama na siya ang dahilan kung bakit namayapa agad ang asawa nito. At kung bakit hindi na ito nagkaroon ng anak na lalaki na magpapasa ng apelyidong Arcangel. Nagpapatataga pa nga ang papa niya noon sa malalayong lugar para lang huwag manatili sa bahay. Pakiramdam ni Tony, para rin hindi siya makita kahit pa sabik na sabik siya rito. Kapansin-pansin na kapag nasa bahay ang ama, malungkot ito at walang imik.

Iyon ay kahit pa sinubukan ni Tony na panindigan ang pangalang panlalaki na hango sa mismong pangalan ng ama. And she never cried in front of her father. Kaya siguro pinili rin niya ang martial arts classes kaysa ballet at piano lessons, para maging matibay at matapang siya. She was even willing to enlist in the military.

Kaso napansin ng dalaga na kinakausap lang siya nito para punahin at pagalitan. Bhirang bigyan siya nito ng papuri. Hanggang sa dumating si Raphael sa buhay nila.

Wala sa loob na tiningnan ni Tony nang masama si Raphael.

Nananadya ba ito? naisip niya.

Bahagyang nagulat tuloy ang may-ari ng boutique. “Forgive my silliness. Hello, Tony Rose! I am Patricia. Nice to meet you.” Idinikit din ng nakangiting babae ang pisngi sa kanya, at parang lalong naging accommodating.

Awkward na tiningnan niya ito at wala sa loob na idinikit din ang pisngi rito. “Call me ‘Tony’ please. I insist.” Ngumiti siya nang pilit bago tumingin muli kay Raphael. Pero hindi nito sinalubong ang tingin niya.

“Pat, maybe you can help her. We have a formal

dinner later.” Muling nagsalita si Raphael na animo isinasanguni ang isang medical case sa kasamahan.

“I looove makeovers. I really live for it,” excited na sabi ng babae.

Tiningnan nito si Tony mula ulo hanggang paa, as if inspecting and diagnosing her. Pagkatapos, inasistihan siya nito.

Bahagyang naasiwa naman ang pakiramdam ni Tony. *Ganoon ba ka-obvious that I needed a makeover?*

Lalo tuloy napasama ang tingin niya kay Raphael. Pero halatang nagkukunwari ang binata na hindi nakikita ang kanyang reaksyon. Mukhang pinipigilan lang nito ang pagtawa nang ipa-model sa kanya ni Pat ang bawat kasuotan sa harap mismo ng binata.

Mas lalo siyang hindi naging komportable nang makita niya kung paano siyang tingnan ng binata kapag lumalabas sa dressing room. Ang hirap nitong masiyahan at makuntento. Lagi itong may komento at pintas.

“She looks too mature in that.”

“Hindi bagay ang color. Too loud...”

“That one is not appropriate...”

“Too plain...”

“The cut is too short.”

Iyon ang mga binitawan nitong salita sa bawat labas ni Tony.

Hanggang sa ipinasuot sa kanya ang isang narrow-strapped navy blue chiffon cocktail dress na A-line ang tabas at may ruffle beading sa princess scoop neckline. Umabot ang laylayan niyon sa kanyang mga tuhod.

Pinarisan ang dress ng silver strappy sandals na may kataasan ang mga takong kaya nadagdagan ang kanyang height na limang talampakan at lima't kalahating pulgada.

Hindi nakaligtas sa kanyang paningin kung paano niya nakuha ang atensyon ng ilang mamimili sa tindahan nang mga oras na iyon, kabilang ang isang gay na hindi niya alam kung inaalipusta siya sa isip nito dahil tiningnan din siya mula ulo hanggang paa.

But somehow Tony felt like those women in the movies when they walk in a room and everybody would stop what they were doing to look at them with mesmerized facial expressions. At iyon ay dahil sa kagandahan ng mga babaeng iyon.

Pinigilan niyang mapangiti. *Tony, ang layo ng hitsura mo sa kanila.*

Pero lalo siyang naasiwa nang sa wakas ay mapansin ang mga titig ni Raphael nang mapatingin sa kanya. Kasalukuyan kasi itong namimili ng necktie noong lumabas siya ulit.

Kung gaano ito kabilis mag-isip kanina ng mga adjectives para ipahayag ang pagtutol sa kanyang mga unang sinuot, ngayon ay tila naubusan ito ng salitang ipanglalarawan. Raphael was speechless for a moment and just continued to stare at Tony.

Kung lalagyan niya ng malisya ang mga tingin nito, masasabi niyang parang hindi siya, si Tony, ang tinitingnan nito. Because Raphael actually looked like those men in the movies when they are looking at their beautiful loved ones or at special persons in their lives.

Kaya lalo siyang nakaramdam ng pagkaasiwa.

Tony, you are watching too many movies! muli niyang saway sa sarili. *Raphael is just too shocked to see you in a dress.*

Nasanay kasi siya sa mga maong na pantalon at T-shirt na karamihan ay itim, grey o kaya puti. Iyon ang pang-ilalim niya sa itim na jacket niya na may nakalagay sa likod na *'Hi Achievements.'* Iyon ang pangalan ng grupo nila.

Hindi niya tuloy kaagad napansin na pinapaikot

siya ni Raphael sa pamamagitan ng kumpas ng kamay. Wala sa loob na sinunod niya ito. Sa wakas, ipinakita ni Raphael ang kanang hintuturo nang muling nagtama ang kanilang mga paningin. Ngumiti ito bilang pagsang-ayon sa hitsura niya ngayon.

“Huh? Ito?” gulat na gulat na nasabi ni Tony.

Paano litaw ang kanyang mga braso, balik at makikinis na binti.

“Trust me, you look perfect in that dress.”

Nakangiti ito na parang sinasabing, *You really have grown up to become a fine beautiful woman.*

Hindi sinasadyang napakunot-noo si Tony.

“Bakit kailangan kong mag-ayos, tayo-tayo lang naman ang kakain sa labas?”

Napataas ang isang kilay ni Raphael.

“Sorry. Thank you nga pala sa libre,” bawi ni Tony sabay ngiwi dahil baka lumabas si *Antony II*.

Dapat talaga magpasalamat siya na hindi siya underdressed mamaya. Pati studded earrings at maliit na silver bag ay pinili ni Raphael.

Pagtapos, inayusan siya ni Pat. Nilagyan siya ng makeup sa mukha at inilugay ang lagi niyang naka-ponytail na buhok. Casual na half up and half down ang hairdo niya.

Hindi ito nagbibiro kanina dahil linya talaga nito ang pagpapaganda.

Paglabas niya, nakabihis na din si Raphael. He looked so darkly handsome in his pinstriped grey suit, pale pink silk shirt and burgundy tie. Pinarisan iyon ng makikintab na itim na sapatos. Napangiti ito nang makita siya.

May kakaiba tuloy na naramdaman si Tony. Hindi rin niya napigilan ang sarili na titigan si Raphael. He looked so sexy... very desirable.

Nagbigay iyon ng mainit na sensasyon sa buo niyang katawan, kaligayahan na hindi ma-explain ng dalaga. Her heart was actually fluttering.

Did I really miss him that much?

Kaya naman hiyang-hiya siya nang sila na lang dalawa sa sasakyan ni Raphael; hindi niya ito nagawang tingnan o kausapin. Mabuti at malapit lang ang hotel.

“Let’s go.” Si Raphael nang marating at pina-valet parking ang dalang kotse. Napansin niya kung paano sila tingnan ng mga hotel staff at ibang patrons nang maglakad sila papasok sa lobby nito.

Tila lahat ng atensyon ay nakatuon sa kanila.

Si Raphael ang tinitingnan nila, hindi ikaw.

Gaya ng damit, hindi rin sanay si Tony sa sot

niyang sapatos. Sa taas ng kanyang mga takong, dahan-dahan siyang kumilos. Pakiramdam niya ay matatapilok at madudulas siya anumang oras.

I miss my sneakers and rubber shoes, naisip ng dalaga habang nagko-concentrate sa pagbalance. Kaya laking gulat niya nang biglang kinuha ni Raphael ang kanang kamay niya at ipinalibot sa kaliwang braso nito nang siya ay tinabihan at sabayan sa paglalakad.

Napatitig si Tony sa binata. Gusto sana niyang bawiin ang kamay pero napansing hindi na mabuway ang kanyang paglalakad.

Tumingin si Raphael sa kanya at ngumiti.

“Just lean on me.” Tumingin ito sa kanyang mga mata kaya napangiti na rin si Tony. Raphael made her feel secured. Kung titingnan tuloy sila sa malayo ay parang perpekto silang pareha. Bagay na bagay.



“Mamaya, patutunayan ko sa ’yo ang mga sinabi ko,” nangiting pahayag ni Raphael nang nakaupo na sila sa mesa nila.

Wala pa ang Tita Leonor at papa niya. Nagtaka pa si Tony noong muli niyang tingnan ang lugar, at noon pa lang niya napansin ang paligid.

May dancefloor sa lugar.

Wala pang sumasayaw pero nagsimula nang magtanghal nang live ang isang banda na tipong ballroom music ang tinutugtog.

Naalala niya bigla ang pinag-usapan nila kanina sa kotse noong patungo pa lang sila sa boutique.

Pambawi ni Raphael ang pagkukwento sa kanya kung ano ang mga ginawa nito sa Nueva Ecija bukod sa pagtingin sa mga pasyenteng nabalian ng buto. Parte iyon ng pagsasanay bilang residente sa orthopedic surgery. Kinailangang makisama din ito sa mga taga-roon kaya napaaral ng sayaw na pang-ballroom.

“Ayaw mong maniwala? Nanalo kaya kami ng second place nung partner ko. Patient ko ’yun, si Nanay Choleng. Ang galing magturo.”

Napangiti si Tony dahil magiliw na ikinwento ni Raphael ang pasyente lalo na nang makita niya ulit ang kasiyahan sa mga mata nito. Bagay na matagal na mula noong huli niyang nasilayan at inakalang hindi na muling makikita.

“Oops, I mean mas matiyaga siyang magturo,” koreksyon nito dahil tinuruan nga rin naman niya itong sumayaw noon pero pareho silang napasuko.

Medyo pinagpawisan si Tony sa narinig at hindi niya maintindihan kung bakit.

Dahil ba niyaya siya ni Raphael na sumayaw o dahil alam niyang hindi niya kayang sumayaw dahil sa sapatos na kanyang suot?

Magpoprotesta na sana siya nang biglang dumating ang papa at Tita Leonor niya. They too looked so exquisite in their formal attire.

Hinagkan niya ang mga ito.

“This is the best gift.” Si Leonor.

Talagang nasorpresa ang babae. Tapos, nakita pa silang dalawa ni Raphael na nakagayak.

“Thank you.” Anito’t muli silang niyakap tatlo.

Lalo tuloy pinahalagahan ni Tony ang pagiging maalalahanin ni Raphael dahil naramdaman din niya ang kaligayahan ng nakakatandang babae.

Kaya naman masaya sila sa buong hapunan. Parang nagbalik ulit ang dati nilang turingan sa pamilya... noong malapit ang loob nila ni Raphael at kinakampihan siya nito palagi kaya nato-tolerate ng papa niya ang kanyang mga pagkukulang.

“Ang galing mo, Raphael, napasuot mo si Tony ng dress,” bati ni Leonor.

“Believe me, Tita, I practically had to kidnap her para mapasama,” biro ng binata.

Napatingin si Tony kay Raphael. Pinaniwala siya nito na nahihirapan itong mag-isip ng ibibiling

regalo.

Tumingin si Raphael sa kanya at pilyong ngumiti. “I think we should document this day, Tito Antony. Aside from being Tita Leonor’s birthday, bihira lang din nating makita na nakaayos si Tony.” Inilabas nito ang phone.

Natawa rin ang dalawang matanda.

Namula si Tony; hindi alam kung sinasadya ng mga ito na biruin siya.

“Indeed. Tony looked so elegant and lovely, tonight.” Ngumiti sa kanya ang papa niya at inakbayan siya.

Tumingin din ito sa binata.

“As I look at you two, I feel like time really went by so fast. Parang kailan lang, mga bata pa kayo.”

Mas sumaya si Tony. Animo napawi na ang lahat ng samaan nila ng loob na mag-ama. Tulad ng dati, parang si Raphael ang nagiging tulay.

Kaya silang mag-ama ang unang nilitratuhan ng binata, bago sila ng tiyahin niya. Kinunan din nito ng larawan ang papa’t tita niya.

“Kayo naman ang kukunan ko ng picture.” Si Antony saka kinuha ang phone ni Raphael.

Tumabi ang binata sa kanila ng tita niya at kapwa sila inakbayan.

Nagtaka si Tony kung bakit parang naasiwa siya nang magdikit ang kanilang mga balat ni Raphael pero nanatili siyang nakangiti.

Sunod ay ang tita niya at si Raphael naman ang pumwesto.

“Kayo naman ni Tony, Raphy.” Si Antony mayamaya pa.

Muli, inakbayan ni Raphael ang dalaga. Dati, sa sobrang close nila ng binata, walang malisya kahit yakapin siya nito. Pero may iba talaga siyang nararamdaman ngayon. Hindi niya masiguro kung pagkaasiwa lang iyon dahil tila may nararamdaman pa siyang ibang bagay habang hawak siya ng binata. Pero nanatili pa rin siyang nakangiti kahit naguguluhan.

Sa huli, apat silang nagpalitrato sa waitress. Nanatiling nakaakbay sa kanya si Raphael habang umaayos sa posisyon ang papa't tita niya.

Hindi niya magawang tanggalin ang kamay nito.

Habang tumatagal, inamin niya sa sarili na may idinudulot na mainit na pakiramdam ang pag-akbay ng binata sa kanya. Nagpapasaya sa kanya kaya parang ayaw na niyang bitiwang siya nito. Napaisip siya na sana hindi kapatid ang turing sa kanya ni Raphael.

What was I thinking? What is happening to me?

Nahindik siya sa sariling kaisipan.

Malungkot niya tuloy tiningnan si Raphael nang bumalik ito sa upuan, walang ideya sa mga naramdaman at naisip niya.

Na-miss ko lang siya talaga, pagkumbinsi ni Tony sa sarili.

Nginitian niya rin si Raphael nang muling magtama ang kanilang mga tingin at isinantabi ang mga di-katanggap-tanggap na ideya.



“Tita, may I have this dance?” aya ni Raphael kay Leonor nang maubos nila ang panghimagas.

Hindi naman ito nagpapilit.

“Baka ako pa ang mag-lead ha,” biro ni Leonor, alam na hindi hilig ng binata ang pagsayaw.

“Nag-practice ako, Tita, para sa inyo.” Nakatawa si Raphael at inalalayan ito sa dance floor.

Swing ang tinutugtog ng banda. At nagulat si Tony sa iginaling ni Raphael sa pagsasayaw.

Malamang hindi hip hop ang forte nito.

Natatawang naisip ni Tony iyong huling beses na nakita niyang sumayaw si Raphael na parang nagta-typewriter na *Roger Rabbit* sa awkward nitong kilos. Pinigilan niyang mapahalakhak nang maalala ang

steps ng *Teach Me How To Dougie* at ang matigas na katawan ni Raphael.

“Ang galing nilang sumayaw,” di-napigilang bulong ng papa niya kaya tinigilan ni Tony ang pagtawa mag-isa.

“Oo, Papa. Mukhang magaling talaga ’yung Nanay Choleng na nagturo kay Kuya Raphy na magsayaw,” naa-amuse niyang sagot at kapwa nila pinanood sina Raphael.

Napansin din ng papa niya ang talento ng dalawa. “Parehong graceful.”

Inamin ni Tony na lalong naiba ang tingin niya kay Raphael nang mga sandaling iyon.

Una niyang napapansin sa lalaki kung paano ito kumilos kapag sumasayaw, hindi ang mukha o laki ng katawan. Because she could tell a man’s personality through it.

Dancing and movement could convey subtle messages about the way he feels and thinks. Kung malaki ang tiwala at pagpapahalaga nito sa sarili.

At bibihira siyang humanga.

Tony could imagine how those strong arms would feel. Naalala niya nang minsang mahawakan ng mga kamay ni Raphael ang kanyang katawan at mapalibutan siya ng mga bisig nito nang kamakailan

lang. Kung hindi siya nito sinapo na nauwi sa lover's carry na posisyon, baka nagkabili-bali ang kanyang mga buto't hindi na nakapagsayaw.

Kasalanan niya iyon, paalala sa sarili dahil hinatak siya nito nang sinubukan niyang tumakas sa pamamagitan ng pagtalon sa bakod para puntahan ang mga kaibigan. Naalala rin niya kung paanong nagkadikit ang kanilang mga katawan at nasamyong niya ang amoy ng pabango't katawan nito. He made her feel protected and cared for with those strong arms.

Bahagya siyang namula sa iniisip kaya sinaway niya ang sarili. Tony wished Raphael could hold her again.

Wala sa loob na pumalakpak siya kasama ng papa niya nang mapansing natapos na pala ang tugtog.

Pero nagulat siya nang lumapit ang dalawa at niyaya sila ng papa niya sa dancefloor.

“Ayoko,” nagmamatigas na sagot ng papa niya. “Papanoorin ko na lang kayo.”

Umiling din si Tony kahit hinihila na siya ni Raphael.

Sobra siyang natatakot. Ramdam niya ang kabog ng kanyang dibdib. Alam niyang hindi niya

kayang sumayaw, at hindi iyon dahil sa kanyang mga sapatos. Natatakot siya sa magiging reaksyon at baka mabasa ni Raphael ang nararamdaman niya kapag isinayaw siya nito.

“Kayo na lang, Kuya. Walang kasama si Papa.” Kulang na lang ay magtitili si Tony para tantanan siya nito. Malakas ang paniniwala niya na hindi mapipilit sumayaw ang kanyang ama.

“Ikaw ang walang kasama dito,” natawang sagot ni Raphael.

Nagulat pa si Tony nang mapansing naglalakad na palapit sa dancefloor ang papa niya kasama si Leonor. Pinagbigyan ng ama ang kapatid nito.

Biglang nanuyo ang kanyang lalamunan.

“Hindi ko kayang sumayaw, Kuya. Ang taas ng takong nitong mga sapatos ko. I can barely walk tapos...” aniya sa nag-aalalang tinig; nagpa-panic. “Saka alam mo namang hindi ganyan ang mga sinasayaw ko,” pagmamakaawa niya.

“Ako’ng bahala sa ’yo.” Muling nagsalita si Raphael, nakangiti pati mga mata nito. “They are waiting for us.”

Bahagyang nahiya si Tony nang makitang nakatingin sa kanila ang papa’t tita niya, mukhang hindi magsisimulang kumilos kung wala sila.

Naisip niya muli ang sinabi ni Raphael sa kanya kapag pinapagalitan siya nito. *“It’s not always about you.”*

It was an immature way of thinking.

Ayaw niyang masira ang gabi ng tita niya dahil sa kanya.

“Okay, I hope I can remember the steps.” Si Tony nang pinilit muli ni Raphael. Waltz ang tugtog.

Just remember how it was sa debut ni Honey, aniya sa sarili. Napansin niyang napatawa si Raphael nang tumayo siya.

Nanibago ang mga paa ni Tony nang tumapak sa kahoy na sahig. Para siyang madudulas.

Nagulat tuloy siya nang ipinosisyon na ni Raphael ang mga kamay nila. Ang isang kamay niya ay ipinatong ng binata sa balikat nito. Inihawak din nito ang isang kamay sa kanyang likod. Hindi napigilang manigas ni Tony.

Pagkatapos, hinawakan ng isa pang kamay ni Raphael ang kanan niyang palad, inayos ang kanilang tindig. Lalong nanlamig at pinagpawisan ang dalaga.

Mukhang naramdaman din iyon ng binata. “Relax, Tony. Promise... I won’t let you fall,” bulong ni Raphael nang ilapit ang bibig sa kanyang tainga.

“Please trust me again.”

Napatingin siya sa mga mata ng lalaki; takang-taka at gulat na gulat. Parang may ibang pakahulugan ito sa sinabi.

“Ready?” muling bulong nito. His fresh breath was warm on her skin.

That same warm sensation ran through her spine. Bahagya siyang kumalma at wala sa loob na tumango.

Nagsimula na silang sumayaw sa saliw ng tugtog ng kantang ‘*Moon River*’. Hinayaan niyang gabayan siya ng binata.

“Smile, Tony. You are very beautiful. Stop thinking you’re not and show it with confidence.” Muli itong nagsalita nang sinalubong ang kanyang mga mata.

Nanatili lang siyang nakatingin, hindi mapakapaniwala sa narinig.

Naalala niya ang usapan nila tungkol sa kanyang mga insecurities. Hindi niya ito masagot nang tinanong siya kung may boyfriend na siya. Doon niya naisip na siguro may diperensya siya o hindi siya natitipuhan ng mga lalaki dahil taliwas sa tipikal na karakter at hitsura ng babaeng ligawin ang meron siya. Hindi mahinhin, hindi palaayos at hindi tipong

kailangan laging saklolohan. Hindi din nakatulong na puro lalaki ang kaibigan at isang anak ng dating heneral.

Wala sa loob na napangiti si Tony habang tiningnan din ang binata sa mga mata. Raphael sounded and looked so convincing. It was with how he looked at her that moment. She really felt she was that pretty to get the full attention of someone as perfectly handsome as Raphael.

That she, who was always considered as one of the boys, is indeed a girl...

No, a woman, pagtatama niya sa sarili. A beautiful grown woman who has not found the man who will love all of her and in return, she will love wholeheartedly.

Ngumiti siya at bahagyang iniangat ang baba tulad ng instruction dati ng coordinator ng mga sayaw sa debut ni Honey.

Envision you are dancing gracefully... sabi rin niya sa sarili gaya ng turo nito noon.

Noong una, tanging pag-aalala sa mga hakbang ng sayaw ang nasa isip ni Tony.

She was reminded that Raphael's arms would always give her that security, that assurance. Hindi siya pababayaan at hindi hahayaang matumba. She

finally let go of her worries and allowed Raphael to completely take the lead. Ayaw na niyang mag-isip.

Kaya kalaunan, hindi niya napansing kung titingnan nga sa malayo ay parang kay elegante nilang pagmasdan dahil sa walang hirap nilang mga kilos. Like her steps were not calculated anymore... she was dancing with great fluidity of movement.

Nakalimutan na rin ni Tony ang mga sapatos dahil pakiramdam niya, hindi nakatapak sa sahig ang kanyang mga paa. At nailibot siya ng binata sa kabuoan ng dance floor nang hindi niya namamalayan.

It felt like a dream. Buong sayaw na nakatingin lamang siya sa nakangiting mukha ni Raphael na animo sila lang ang pareha roon. Hindi pa nga niya napansin agad na tapos na ang tugtog.

Hiyang-hiya tuloy siya nang ma-realize iyon at makitang hawak pa rin niya ang kamay at balikat ng binata kahit nag-iba na ang tinutugtog ng banda. Agad siyang bumitaw nang makaramdam ng pagkaasiwa.

Dali-dali siyang naglakad pabalik sa kanilang mesa... as if Tony needed to get away from Raphael.

Fast. She was too afraid that he could read her thoughts and know exactly how she felt for him at

that moment.

Hindi niya nakalkula ang kanyang hakbang kaya bigla siyang nadulas.

Natumba sana ang dalaga at napaupo sa sahig kung hindi siya naalalayan kaagad ni Raphael. Hindi niya alam kung paanong bigla niya itong naging katabi sa bandang kaliwa niya. Napansin na lang ni Tony na nakahawak na ang kanang kamay ni Raphael sa baywang niya na siyang bumuhat sa kanyang bigat habang ang isang kamay nito ay hawak naman ang kaliwa niyang palad. Parang isang step o position sa isang sayaw ang ayos nila. Nakuha tuloy nila ang atensyon ng ilang tao.

Takang-takang tiningnan niya si Raphael.

Ganoon ba ako kagaan at kaya mong buhatin ang bigat ko sa iisang kamay lang? parang gusto niyang itanong.

Nanatili lamang nakatingin sa kanyang mga mata si Raphael. Hindi maintindihan ni Tony ang nararamdaman. Like his stares made her feel distinctly feminine... then, it made her feel not only admiration but also desire for him.

Parang naisip niya ang sarili na parehas kina *Lois Lane* at *Mary Jane*. Dahil tulad nila, parang hawak siya ng kaparehang superhero.

And for that, she wanted to embrace Raphael. Gusto niya itong bigyan ng halik dahil sa pagliligtas sa kanya. Pero pinigilan niya ang sarili.

At bigla siyang nalungkot dahil si Raphael ang kanyang superhero.

Natigilan siya sa nadiskubre. May pagtingin siya kay Raphael. At hindi na bilang kapatid.

Hindi niya kayang itago ang kalungkutan sa kanyang mga mata kung kaya siya mismo ang bumawi ng tingin.

Mayamaya, dahan-dahan na siyang ibinaba ni Raphael. Nang masiguradong naibalik na ang balanse niya sa pagtayo ay muli nitong inilagay ang kanyang kamay palibot sa isang braso nito at sinabayan siyang maglakad.

Kumakabog pa rin ang dibdib ni Tony at alam niyang hindi na iyon dahil sa muntik niyang pagbagsak.

Binitawan lamang siya ni Raphael nang nakaupo na sila pareho. Nasa dancefloor pa rin ang papa't tita niya at mukhang hindi napansin ang mga nangyari sa kanila.

“Thank you...” Doon lang muling nakapagsalita si Tony at pilit na hinarap si Raphael. “Kuya.” Parang hirap siyang tawagin nang ganoon ang binata sa mga

oras na iyon. At pinilit niya ring ngumiti. “I told you I can’t move properly with these darn shoes.” Sinisi sa mga sapatos dahil kailangang may sabihin siya rito para mawala ang pagkaasiwa sa pagitan nila bunga ng insidente.

“And I told you I won’t let you fall,” nakangiti namang sagot ni Raphael.

Hindi na niya ulit kinausap ang lalaki dahil nagsinungaling ito. Because Raphael actually let her fall... *fall in love with him*, sa isip-isip ni Tony.

Funny how long did I wish to fall in love, only to pray harder to fall out of it.

Malungkot niyang isinantabi ang naiisip at nararamdaman para kay Raphael.

CHAPTER *Three*

“*P*aano niya nalamang dito ako natutulog?”
ani Tony nang makita ang Tita Leonor niya sa tapat ng tambayan ng barkada nila.

Lumang bahay iyon ng kaibigan niyang si Alex. Malapit iyon sa campus kaya doon sila nagsasanay ng mga sayaw at gumagawa ng mga artworks na hindi maiuwi ni Tony.

Nagtago ang dalaga sa likod ng nakaparadang pickup sa di-kalayuan. Ayaw na niyang umuwi sa bahay nila.

“Siguro sobra nang nag-aalala si Tita.”

Inaamin niyang nami-miss na niya si Leonor. Lumayas kasi siya sa bahay nila at hindi niya man lang ito napaliwanagan. Naisipan niyang lapitan ito

at kausapin, pero namataan niya si Raphael.

Agad na kumulo ang kanyang dugo at ikinubli muli ang sarili.

“S’abi na nga ba!”

Ito lang ang naisip niyang nagturo sa tita niya ng itinuturing niyang santuwaryo.

Hindi niya sinadyang dalhin doon ang binata noong araw na pinyansahan niya ang mga kaibigang nakalaboso dahil sa pakikipagbasag-ulo. Mga lasing ang mga ito kaya ipinagmaneho sila ni Raphael at dito nga niya dinala sa tambayan.

Hindi niya kayang maging civil sa binata kahit sa harap ng tita niya.

Namataan ni Tony ang van nila sa harap ng tambayan nang sumilip ulit. Nalungkot siya dahil sumakay na doon ang nakatatandang babae. Gusto sana niyang habulin pero nandoon pa rin si Raphael kaya hinayaan na lang niya iyong makaalis.

“Kainis! Hindi pa ako puwedeng umuwi.”
Inaabangan yata talaga siya.

Muli niyang ikinubli ang sarili. Hindi naman siya puwedeng manatili roon.

Sinilip niya ulit ang binata. Wala na ito. May kutob siyang nasa paligid lamang ang lalaki kaya naisipan niyang umalis bago pa siya makita. Pero

parang bumunggo ang katawan niya sa pader dahil di niya napansin ang taong nasa likod niya nang magmadali siyang tumakbo pasalubong dito.

Sa lakas ng impact, muntik na siyang humagis sa pickup. Buti nahawakan siya sa mga braso't nahila ng taong kanyang nabunggo.

Sa sobrang lakas ng paghatak nito, bumangga ang katawan niya sa katawan nito. Ramdam ni Tony ang lakas ng kalabog ng dibdib.

Napansin niya ang malalakas na kamay na nakahawak pa rin sa kanya. "I'm sor..."

Natigilan si Tony nang makita ang mukha ng may hawak sa kanya: si Raphael.

Napasimangot siya at pilit itong itinulak. "Bitiwan mo ako!" Pilit siyang kumawala at umatras na animo may ginagawa itong masama sa kanya. Napatingin tuloy ang isang grupo ng mga kalalakihan sa kalapit na tindahan.

Agad siyang binitiwang ni Raphael.

Dahil buong puwersa pa rin ang pag-atras ni Tony hanggang sa tuluyang tumama ang katawan niya sa pickup.

"Sorry." Si Raphael.

"Talaga?" Inirapan niya ito.

Naalala rin niya ang kasalanan ng binata sa

kanya. Nadiskubre niyang ito pala ay nagsusumbong sa papa niya kaya alam nito ang lahat kahit wala sa bahay. Ultimo iyong paglabas niya nang madaling araw para piyansahan ang kabarkada, nai-report nito.

“Diyan ka lang!” nakabusangot niyang sabi habang tinitii ang sakit sa likod nang makitang gusto siyang lapitan ni Raphael.

“I am glad you’re doing okay,” anang binata. Bahagya itong ngumiti. “Andyan kanina si Tita. Natuwa din iyon sana kung nagpakita ka kaagad.”

Tiningnan niya lang ito nang masama.

Ang dami niyang gustong sabihin dito, hindi niya lang alam saan magsisimula.

“Bakit ganyan ang tingin mo?” nagtataka nitong tanong. “Anyway, isasama na kita pauwi. One week is enough. Paano ka nakakatiis tumira diyan? Ni walang kuryente.”

Nagulat si Tony. *Paano niya ’yun nalaman?* “Were you spying on me?”

Nakaligtaan na naman kasi ni Alex na magbayad ng electricity bill. Kaya pala sinabihan silang lahat na huwag munang pumunta roon. Kaso walang matuluyan si Tony kaya nagtitiis siya roon. Ni hindi niya nga sinabi sa crew ang mga nangyari.

“Or should I say *still* spying on me?” Malamang patuloy rin ang pagre-report nito sa papa niya. “Just leave me alone. Hindi na ako babalik sa bahay n’yo!”

“You’re being immature again. Let’s go. It’s time to come home. Nag-aalala na kami sa ’yo,” ani Raphael saka hinawakan siya sa braso.

“Bitiwan mo ako!” pasigaw niya uling sabi saka pilit na kumawala.

Muling tumingin ang mga kalalakihan, mga nakikiramdam.

Umisip siya ng kilos para mapilipit ang braso ni Raphael at mabitawan siya, pero parang hindi ito nasaktan at hawak pa rin siya.

“That’s cute. Hindi ako aalis dito nang di ka kasama.” Seryoso na rin ang mukha ng binata.

“Puwede ba, tigilan na natin ito! Sinong ‘kami’ ang nag-aalala? Huwag na tayong magbolahan. Malamang masaya ka na dahil wala na ako sa bahay. Masaya na kayo ng papa ko dahil finally, you have one another. Wala na siyang sakit ng ulo. And you, his favorite, will have his undivided attention. Aren’t you satisfied? Nasa ’yo na lahat!” Parang gusto niya ring umiyak. “Or maybe you want to see for yourself kung paano ipamukha sa akin ni Papa ’yung disappointment niya na naging anak niya

ako. Wala ka kasi sa bahay n'un." May pinuntahang out-of-town convention si Raphael nang mag-away silang mag-ama.

Akala pa naman ni Tony ay matutuwa ang papa niya nang ibalita niyang nanalo ang crew nila sa isang malaking contest. Binigyan din sila niyon ng pinakahihintay nilang break para sumikat. Magkakaroon na siya ng stable income at hindi na niya kailangang umasa sa allowance mula sa ama o kaya gumawa ng mga artworks nang paspasan para maibenta kahit sa murang halaga.

"Gawain ba 'yan ng matinong babae? Kadalaga mong tao 'tapos ang mga kasama mo, puro lalaki!" Parang narinig niya muli na nanggagalaiting sinabi ng ama nang mahuli siyang umuwi nang madaling araw. *"I wouldn't be surprise if one day you'll inform us na buntis ka at irresponsible ang ama."*

Doon nagpanting ang tainga ni Tony kaya nasagot niya ang ama. Kaso nang inungkat nito ang pakikipagbasag-ulo ng kanyang mga kaibigan ay hindi na niya nagawang mangatwiran pa kahit hindi naman nila kasalanan.

"Wala na kasing magpapakinang sa 'yo, 'no? Iyong magiging contrast sa pagiging mabuti mong anak at mag-e-emphasize ng kagalingan mo't

achievements.”

Lalong naguluhan ang binata. Paano hindi lang mga kaibigan ng dalaga ang pinag-awayan nilang mag-ama kundi pati si Raphael.

“Boring na ba sa bahay?” Sarkastikong ngumiti si Tony. “Hindi ko alam na gan’un ka kasadista. Natutuwa ka kapag nakikitang pinapagalitan ako. Kapag nag-iinit ang ulo ni Papa dahil sa akin, nakukumpleto ba ang araw mo? Sumbong ka nang sumbong para gatungan ang galit niya. Well, I am tired of entertaining you. So enough of this bullshit already!” Muli niyang pinalis ang kamay nito.

Pero lalong hinigpitan ni Raphael ang hawak sa kanya. Halatang hindi nito nagustuhan ang mga sinabi ng dalaga.

Bahagya tuloy natakot si Tony dahil sa hitsura nito. Isang beses pa lamang niya itong nakitang nagalit nang ganito at iyon ay noong mga bata pa sila. May sinuntok itong bully sa eskuwela nila dahil muntik siyang saktan niyon. Iyon ang naging daan kaya tinanggap niya si Raphael bilang kapatid noong panahong iyon.

Pero iba ang pakiramdam ni Tony ngayon, parang kaya rin siyang saktan ng binata.

“Hindi mo alam ang sinasabi mo. Huwag

mo 'kong pagbintangan ng mga bagay na hindi ko ginawa. Kahit kailan, di ako nagsumbong ng kahit ano sa papa mo,” seryoso nitong sabi habang nakatitig sa kanya.

“Kung hindi totoo, bakit galit na galit ka? Ano, gusto mo akong saktan?” hamon ni Tony. Iniharap niya ang kanyang mukha na animo handa siyang tanggapin ang suntok o sampal nito.

Ganito rin siya katapang noon nang kaharap ang bully sa paaralan. Sa sobrang frustrated sa relasyon nilang mag-ama ay naging reckless at naghahanap ng makakaaway o pagbubuntungan ng init ng ulo.

Iyon ulit ang ginagawa niya nang oras na iyon.

“Go ahead. Stop pretending you care. Alam ko na ang true nature mo... how you really feel about me. I thought I can trust you. I guess you planned all of these to get back at me. Alam ko namang napilitan ka lang na sundin ang papa ko because I refused to follow him. Martyr ka kunwari to appease him.” Inungkat niya pati ang pag-aaral nito ng Medisina at pagpasok sa military. “As usual, ikaw na naman ang naging bida sa mga mata niya. Kulang pa ba 'yun? Proud na siya sa 'yo. Ngayon, gusto mo akong pauwiin para... pagbatiin kami? Ubod na ng bango ng pangalan mo. Baka sa langit

ka na makarating niyan sa sobrang kabutihan mo. Tama na, baka maging santo ka na,” tuluy-tuloy niyang sabi, hindi napigilang ilabas ang hinanakit na itinago niya simula pagkabata. Ipinaalam niya ang nararamdamang selos kay Raphael dahil mas mahalaga ito sa kanyang ama kaysa sa tunay nitong anak.

“O baka anak n’yo si Raphael sa ibang babae.” Iyon ang huli niyang binitiwang mga salita kaya siya ay napagbuhatan ng kamay ng ama. Unang pagkakataon iyon na nasaktan siya nito at dahil kay Raphael pa.

“Baka mahiya sa iyo ang tunay na St. Raphael. Balak mo din ba siyang palitan?” gaya ng pakiramdam ni Tony sa pagpalit nito sa kanya sa ama niya.

Isa pa sa tingin niya na rason kung bakit mas naging matimbang si Raphael sa ama ay sa dahilang deboto ito ng santong iyon.

Raphael was really like the Archangel Raphael to her father. The Saint is considered as the supreme healer in the angelic realm, whose chief role is to support, heal and guide in matters involving health.

And now that Raphael has become a doctor, he has become a full-pledge healer.

Tulad ng mga magulang na sinawing palad

nang binalikan ng mga rebelde at pinaslang dahil sa pagtulong na iyon sa mga kalabang sundalo. Milagrong nagkrus muli ang landas nito ng kanyang ama at naisama si Raphael pabalik sa kanilang tahanan.

Nagbago ang expression ng kaharap dahil sa mga sinabi niya. “You have no idea how I really feel about you.” Kitang-kita ni Tony ang sakit at lungkot sa mga mata ng binata.

And she couldn’t understand why those stares affected her. Tony really felt Raphael’s agony.

“Pare, bitiwang mo itong babae,” anang isa sa mga tambay na hinawakan ang kamay ng binata na sa mga sandaling iyon ay nakahawak pa rin sa braso niya. “Huwag kayong makialam. Problema naming magkapatid ito,” seryosong sagot ni Raphael.

“Miss, totoo ba? Utol mo ba talaga ito?” hindi makapaniwalang untag ng isa pa. Paano, wala silang pagkakahawig ng binata.

“Wala akong kapatid!” matigas na sagot ni Tony habang nakatingin pa rin sa mga mata ni Raphael. Pakiramdam niya kasi, nagkukunwari na naman ito sa harap ng iba.

Nagulat si Raphael sa sagot niya.

“Pare, niloloko mo ba kami?” Muling nagsalita

ang lalaki.

“Bibitiwan mo ba itong babae o pipilitin ka naming alisin ang kamay mo? Ang aga-aga, nambabastos ka,” babala ng isa pang tambay.

Pero nanatiling nakatingin si Raphael kay Tony.

Mukhang mas inaalala nito ay ang pagputol ng dalaga sa relasyon nila bilang magkapatid.

Noon dahan-dahang binitawan ni Raphael si Tony. Napansin din niya na lalo itong nalungkot.

“Sige, alis na,” sabi ng mga tambay sa kasama niya.

Pero nanatili ang binata sa kinatatayuan. Nakatingin pa din kay Tony. Hindi na ito muling nagsalita.

“Salamat ho,” aniya saka nagmadaling lumayo. Pinakita ng dalaga na sobra siyang natuwa sa pagkalaya.

Pero hindi niya napigilang lingunin si Raphael. Nakapalibot pa din dito ang mga tambay. Nanatili itong nakatanaw sa kanya. Nakaramdam si Tony ng pagkakonsyensya.

Malamang na-realize ni Rafael na tama ang lahat ng sinabi ko kaya gan'un ang reaksiyon. Nagpatuloy siya sa paglakad. I shouldn't care kung bugbugin siya ng mga iyon. He deserves it. Napakalaki ng kasalanan

niya, kumbinsi sa sarili pero hindi niya kayang hindi ito muling lingunin.

Pinagtutulungan na ng mga tambay ang binata.

Nagkakagulo na rin ang mga taong nanonood na tila gusto nang makialam at kuyugin si Raphael.

Mabuti't may dumating na barangay tanod.

“Kapitan, binabastos kasi nito ’yung babae,” sumbong ng isa.

“Sinong babae?” anang kausap nito.

Nagtinginan lang ang mga ito. Puro pasa ang mga mukha nila dahil sa mga suntok ni Raphael.

“Karding, akala ko ba nagbago na kayo?” tila dismayadong puna ng isang tanod. “Halikayo sa barangay hall. Pati ikaw,” sabi nito sa anim at kay Raphael na hindi nadapuan ng suntok.

Hindi napansin ni Tony na naglakad siya pabalik. “Kapitan... Wala ho silang kasalanan,” aniya.

“Siya ’yun, Kapitan,” imporma ng mga tambay. Nagliwanag ang mga mukha nito.

“Di ba, binabastos ka kanina ng lalaking ito?” sumbong ng isa. “Pinipilit kang sumama.”

Oo, totoo ho ’yun, gusto sanang sabihin ni Tony para mismong mga tanod ang bumugbog dito pero nakita niya ulit ang lungkot sa mga mata ni Raphael nang mapansing nakatingin din ito sa kanya.

Bakit ba ako nagpapaapekto?

“Miss, pinipilit ka nga ba nito?” ulit ng isang tanod.

“Hindi niya ho ako binabastos kanina.” Wala na siyang nagawa kundi aminin ang totoo.

“Sinusundo niya ho ako para umuwi na sa amin,” malungkot niyang amin.

Ayaw na niyang tapunan ng tingin si Raphael. Pakiramdam niya, hinayaan na naman niya itong magwagi.

Bakit hindi ko kayang panindigan ang maging masama sa kanya?

“So asawa mo pala siya,” sabi ni Karding na tumingin kay Raphael. “Pasensya na ho, nakialam kami sa away ninyong mag-asawa.”

Kanya-kanya na ring hingi ng paumanhin ang iba sa binata.

Nanatiling tahimik at nakatingin lang si Raphael kay Tony. Hindi nito itinanggi ang hula ng grupo.

“Sandali ho, hindi ko...” Itutuwid na sana ni Tony ang maling akala ng mga ito at lalapitan ang binata.

“Di ba ikaw ’yung nasa music video ni Jim Pain? Member ka ng *Hi Achievements*,” putol ng isang teenager na nakikiosyoso at humarang sa harap niya.

“Ikaw si Tony Rose Arcangel,” anang isang babae

na nakatitig na rin sa mukha niya.

Mas dumami na ang mga tao sa pagitan nilang dalawa ni Raphael. Nakangiti ang lahat ng nandoon maliban sa kanilang dalawa.

“Mas maganda ka pala sa personal,” sabi ng isa. Napatingin lang siya rito.

Sabay-sabay nang nagbigay ng opinyon ang iba. Mayroon pa ngang gustong magpapirma sa kanya. Pinagkaguluhan na siya.

Napangiti si Tony. Kasama sa napanalunan nila sa sinalihang contest bukod sa paglabas sa music video ni Jim Pain na isang sikat na singer-rapper, sasama rin sila sa tour nito habang pino-promote ang mga kanta sa bagong music album ng singer.

“Kompleto ba kayo? Nas’an ’yung ibang members?” narinig niya na sabi ng isa.

“May asawa ka na pala. Crush pa naman kita,” amin ng isang lalaking kaedad niya.

Doon niya muling naalala si Raphael. Pero wala na ito sa kinatatayuan. Natanaw niyang sumakay na ang binata sa kotse.

“Hindi mo ba susundan ang asawa mo?” tanong ng kapitan.

Hindi niya maintindihan kung bakit bigla siyang nalungkot nang makita ito na paalis na.

“Hindi,” umiiling niyang sabi, “hindi ko ho siya asawa. Kuya ko talaga ang lalaking iyon. Ako ho ’yung naging bastos sa kanya,” malungkot niyang dagdag kaya nagulat ang mga ito. “Sorry po.”

Palayo na ang kotse nang muli niyang tingnan.

Hindi napansin ng dalaga ang pagtulo ng kanyang luha. Na-realize niya na kaya niya binalikan si Raphael at iniligtas ay dahil totoong nag-aalala siya para rito. She couldn’t make herself hate him.

Bakit hindi puwedeng turuan ang puso?

CHAPTER *Four*

“Tony! Tony!” tawag ni Honey.

Best friend niya ang babae at silang dalawa ang nagbuo ng grupong *Hi Achievements* na mas nakikilala na ngayon.

Ayaw pa niya sanang imulat ang mga mata dahil umaga na sila nakarating sa hotel na iyon galing Palawan. Nasa Cebu pa rin sila para sa promotional tour ng album ni Jim Pain.

Magdadalawang buwan na silang bumibiyaha sa iba’t ibang parte ng Pilipinas, nagtatanghal sa mas madaming manonood... enjoying every moment. Dahilan din iyon kung bakit nakakalimutan na ni Tony ang personal niyang problema, lalung-lalo na ang nararamdaman para kay Raphael.

“Toni! Tingnan mo ito.” Si Honey na lumundag pa sa kama niya. “Ikakasal na ang kuya mo!”

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Napamulat at kinuha ang diyaryong hawak nito.

“I can’t believe it. Raphael and Aimee are really getting married this Saturday,” balita ng kaibigan.

Si Aimee, na isa ring doktor, ay ang long-time girlfriend ni Raphael. Alam niyang mas matanda ito kaysa sa binata at mas naunang nag-training kaya kahit mas matagal ang Residency Program ng General Surgery at pagkatapos ay ang subspecialty sa Plastic Surgery, nauna pa itong nakatapos kaysa sa nobyo nito. Isa na nga itong Cosmetic Surgeon ng mga artista kaya tuloy pati ang pagpapakasal ay nalalathala sa pahayagan.

Nakalimutan na nga ni Tony kung paano nagkakilala ang dalawa dahil girlfriend na ito ni Raphael noong college pa lang ang binata, samantalang Physical Therapy ang kinukuhang pre-med course ni Aimee.

Hindi pa nga niya sigurado kung sila pa rin dahil matagal na itong hindi pumupunta sa bahay.

Now, the two looked ridiculously sweet and joyous in their photograph. May caption pa nga sa article na sobrang suwerte ng doktora sa

mapapangasawa nito dahil matalino na, puwedeng model/artista pa ang lalaki.

May bahagi pa roon na sandaling inilarawan si Raphael bilang matipuno at highly decorated military doctor.

“Hindi talaga sila bagay.” Paulit-ulit nasasabi iyon ni Honey kapag nakikita ang dalawa. Bagay na gusto niyang sang-ayunan lalo na ngayon.

Napakalakas ng personality ni Aimee at maboka kaya minsan, tingin niya ay ito ang dominante sa relasyon ng dalawa.

Bigla rin naalala ni Tony ang komento rito ng mga kabarkada niyang lalaki. Ikinumpara ang babae sa hipon dahil ang maganda lang daw ay katawan.

Napailing siya. *Walang kasalanan sa akin si Ate Aimee.*

“Nasa Davao tayo niyan kaya paano ko pipigilan ang kasal?” Napatingin siya kay Honey, hindi sigurado kung matatawa sa biro nito.

Dahil kahit noon pa, hindi na nito tanggap na si Aimee ang naging kasintahan ni Raphael. Aminado ang kaibigan na first crush nito ang ‘kapatid’ niya bago lihim na minahal ang kanilang kagrupong si Jaycee.

Parang gusto niya ring gawin ang sinabi ni

Honey. Umaasa siya na baka kapag humingi siya ng tawad sa binata, magbago ito ng isip at hindi na ituloy ang balak.

Iwinaksi niya iyon sa isip. “Who cares?!” inis niyang sabi dahil sa naramdamang selos. Wala siyang karapatang makaramdam ng ganoon. “Remember, hindi na ako parte ng pamilyang ’yan. Hindi ko rin sila sasabihan kapag nagpakasal ako.” Nagkunwari siya na animo hindi apektado.

Natawa si Honey at inilipat ang pahina ng diyaryo sa page kung nasaan ang article tungkol sa *Hi Achievements*. Binasa nito iyon nang malakas. Marami nang ganoon na nasulat tungkol sa kanila. Sikat na nga ang crew nila.

Ikinubli naman ni Tony ang sarili sa ilalim ng kumot. Naluha siya. She couldn’t believe she had finally lost her best friend... her brother... and her first love.



Nagmamadaling sumakay si Tony sa elevator pabalik sa kanilang silid kaya hindi niya pansin ang paligid. Nakita niya ang ama sa restaurant ng hotel ding iyon nang bumaba sila ni Honey para mag-umagahan kasama sina Alex. Gusto niyang umiyak ulit pero hindi sa harap ng crew.

Narinig niya kasing parang ikinaila siya ng kanyang papa noong tinanong ito ng isa sa mga business partners nila. Kinalimutan nito na may anak itong babae nang kumustahin siya nito. At pagkatapos, napag-usapan naman ng mga ito ang nalalapit na kasal ni Raphael.

Sinwipe niya ang key card nang makapasok sa elevator. Bahagya pa siyang nagulat nang makitang nakailaw na ang numero ng palapag ng kuwarto nila. Doon lamang niya napansing may kasama pala siya sa loob ng lift. Para siyang nakakita ng multo nang makilala ito.

Si Raphael.

Tila nagulat din ang lalaki nang makita siya.

Alam nitong siya iyon sa kabila ng suot niyang dark sunglasses at cap. Ikinubli niya kanina ang hitsura habang patuloy ang pakikinig sa kabilang mesa kung saan kasali ang kanyang ama.

Hindi niya napigilan ang pagtulo ng luha nang maalala ulit na ikakasal na si Raphael.

Kanina lang, gusto niyang makita't makausap ang binata tapos ngayong kasama na, wala siyang masabi.

Pasimple niyang pinunasan ang pisngi habang nakatingin sa nagpapalit na numero. Parang

napakabagal ng andar ng elevator. Ramdam niyang tinitingnan siya ni Raphael. Lalo siyang nainis dahil tumulo na naman ang luha niya. Ayaw niyang malaman ng lalaki na umiiyak siya.

Mayamaya, tumigil ang pag-akyat nila. Nawala ang naka-flash na numero at namatay ang ilaw.

Kinabahan siya pero nanatiling tahimik. Nagbukas ang trouble light sa kanyang likuran.

“Great!” wala sa loob na sabi niya. “Now this!”

Gusto na niyang humagulgol talaga. Ang nagpapalala pa sa kanyang sitwasyon, kasama niya ang nagpapaiyak sa kanya.

Walang signal ang cellphone niya nang ilabas niya iyon at hindi gumagana ang elevator intercom.

“Ano ba ito?” hindi niya na napigilang sabihin. Parang torture.

Nanalangin na lang siya na sana puntahan sila ng maintenance crew ng hotel.

Naisipan niyang hubarin ang suot na itim na jacket nang pagpawisan. Nawala sa isip niya na naka-puting sleeveless shirt na medyo hapit sa kanyang katawan kaya kita ang bawat kurba. Medyo mababarin ang neckline niyon.

Nasasanay na siyang magsuot ng mga damit na more feminine dahil sa tour at mga MTVs nila.

Kinalampag niya ang pinto ng elevator. Fruitless.

“Damn!” Tinadyakan niya iyon. Napalakas yata kaya nakaramdam siya ng sakit sa daliri sa paa. Pero hindi niya iyon ininda. Hindi siya nagpakita ng emosyon.

Bahagya siyang paikang-ika na pumunta sa sulok sa pinakalikod ng elevator car at doon umupo.

Nanalangin siya na hindi napinsala ang kanyang paa sa katangahang nagawa.

Napansin niyang nanatiling nakatayo lang si Raphael. Hindi pa rin nagsasalita. Parang guwardyang bantay ni Rizal sa Luneta.

Tinanggal niya ang shades sa mga mata at tiningnan ito habang nakatalikod ang lalaki. Bagong gupit. Napaka-neat at mabangong tingnan.

Part of the preparation for the wedding siguro, malungkot niyang naisip.

Hahawakan na sana ni Tony ang sapatos niya para hubarin at inspeksyunin ang paa nang biglang tumumba si Raphael.

Hindi alam ni Tony kung saan niya nakuha ang lakas dahil nagawa niyang mabilis ding kumilos para saluhin ito.

Nakalimutan niya ang iniindang sakit. Kaso mabilis naubos ang kanyang enerhiya dahil hamak

na mas malaki't mabigat sa kanya ang binata kaya nauwi itong nakakalong sa kanya nang tuluyan siyang mapaupo.

“Kuya Raphy...” nag-aalala niyang sabi.

Tiningnan siya nito na animo inaantok.

“Ano’ng nararamdaman mo? Magsalita ka,” pakiusap niya.

“Nahihilo ako...” mahina nitong saad. Pinagpapawisan ito nang malamig.

Binuksan ni Tony ang mga butones ng poloshirt ng lalaki. Inisip niya na baka dahil iyon sa init.

“Kumain ka na ba?” aniya.

Mahina itong umiling.

Naalala niyang nagbulsa siya ng choco chip muffin dahil hindi na niya naisipang mag-dessert kanina sa pagmamadaling umalis sa kainan.

Hinatak niya ang jacket at kinuha ang muffin. Inalalayan niyang makaupo muli si Raphael.

Lumantad sa kanyang paningin ang perpekto nitong torso at abdomen dahil sa bahagyang bumukas ang polo. Pinigilan ang sariling mapatitig dahil parang gusto niya iyong damahin.

“Eto, kainin mo.” Pilit isinusubo rito ang paboritong niyang tinapay na sa kuwarto na sana kakainin. Tiningnan lang siya ni Raphael. “Malinis

'yan. Promise.”

Iningatan niyang huwag iyong mahawakan. Sa tissue na ipinambalot lang dumapo ang kanyang mga daliri. Alam niya kasing metikuloso ang binata.

Kumagat si Raphael at ngumuya.

They were so close to each other that Tony wished she could run her fingers through his hair. Ang guwapu-guwapo kasi nito ngayon sa kanyang paningin. She realized she really missed him and wished he would smile at her.

Mayamaya, kinuha na nito sa kanya ang muffin at sinunud-sunod ang pagkagat at pagnguya.

“Dahan-dahan, Kuya. Wala tayong tubig baka mahiliran ka,” nag-aalalang sabi ni Tony. Masaya niyang pinagmasdan ang binata nang parang nabuhayan na ito muli.

“Nagpalipas ka na naman ba ng gutom? Doktor ka so alam mong puwede kang mapahamak,” wala sa loob na aniya.

Bigla siyang natigilan. Umakto siyang tulad ng dati—n’ung close pa sila—kapag pinapagalitan niya ito sa nagpapabaya sa sarili. Bahagya siyang namula. Ngumiti si Raphael, mukhang naka-recover na nga ito.

“Di ba wala kang kapatid? Bakit mo ako

tinatawag na kuya?”

Napatingin siya rito. She realized how she reacted and was so worried about him. Hindi niya ito kayang kalimutan o di pansinin.

Nanatili siyang tahimik na nakatitig lang sa mukha nito.

Talaga namang ayaw na kitang maging kapatid, muntik na niyang sabihin saka inilayo ang tingin.

Iniiisip niya kung paano hihingi ng tawad sa mga nabitawan niyang salita.

Alam niyang nasaktan din niya ang binata. Muling nagsalubong ang kanilang mga tingin. Iba ang naramdaman niya sa mga titig na iyon.

Hindi niya kaagad napansin na unti-unting inilapit ni Raphael ang mukha sa kanya.

Nag-panic ang dalaga nang ma-realize iyon. Alam ni Tony sa sarili kung ano ang gusto nitong gawin kaya inilayo niya ang mukha.

Pero hinawakan siya ni Raphael sa bandang leeg at pisngi para pigilan siya sa pag-iwas. At bahagya siya nitong hinila bago inilapat ang mga labi sa mga labi niya.

Napakabanayad ng mga halik na iyon. Sweet and warm.

Nagtaka si Tony dahil sa kakaibang pakiramdam

na kumakalat sa buo niyang katawan. It was a very new experience for her. Nanatili tuloy siyang nakamulagat at walang reaksiyon. Hindi alam ng babae kung paano tutugon kaya nanatiling nakapinid lang ang bibig niya.

Nakangiti si Raphael sa kanya nang sa wakas ay ilayo ang mga labi sa bibig niya. Tulala pa rin, tiningnan lang ni Tony ang lalaki.

Hindi siya makapaniwala sa mga naramdaman. How could a kiss make someone feel that way? Like for a moment she felt like she was floating... happy and contented.

“Shit!” bulalas ni Raphael bigla; parang natauhan.

Nagulat siya. “Was it because I don’t know how to kiss you back?” Takang-takang tiningnan niya ito. O baka na-realize niyang isang pagkakamali na halikan ako.

“Sorry, Tony. I should not have done that.” Parang sising-sisi si Raphael.

“Kasi ikakasal ka na sa Sabado?” wala sa loob na bulalas niya.

Hindi niya napigilang maluha ulit.

“I should’ve not done that. I did not intend to betray your trust.” Parang suklam na suklam ito sa sarili.

Napatitig si Tony sa binata. *My trust?*

“Please huwag ka nang umiyak. I promise it won’t happen again. I didn’t mean it to happen.”

Nanatili siyang nakatingin dito. “Ano’ng ibig mong sabihin? Please be honest with me. Tell me exactly why you...” Bahagya siyang natigilan at pinag-initan ng mukha. Even Raphael couldn’t say it. “...kissed me.”

Nagmamakaawa ang mga mata niya nang maisip na baka alam na ni Raphael ang tunay niyang nararamdaman kaya ginagantihan siya sa pamamagitan ng paglalaro sa kanyang damdamin.

“Kasalanan ko ito. Ako ang may problema.”

Problema? “Nag-away ba kayo ni Ate Aimee?” Iyon lang ang naisip ni Tony na rason.

Lalo siyang nasaktan nang manatiling tahimik si Raphael.

Tama nga ang hinala ko.

Biglang nagliwanag muli sa loob ng elevator. Lubhang nahiya si Tony sa hitsura nilang dalawa. Hindi niya napigilan ang pamumula ngayong mas kita na niya ang mukha ng binata. Pakiramdam ng babae, wala siyang saplot sa katawan nang mapansin na titig na titig din si Raphael sa kanya.

Sinisi ni Tony ang suot niya. Noong huli niya

iyong isinuot, muntik na siyang mapaaway nang mapagkamalang GRO ng isang artista. Animo naakit din si Raphael at nagkataong may pinag-awayan pa ito at ang fiancée kaya siya ang napagdiskitahan.

Agad siyang tumayo at isinuot kaagad ang salamin sa mga mata at jacket kahit medyo pinagpapawisan pa. Umaandar na ulit sila.

Dahan-dahang tumayo na rin si Raphael at ibinutones muli ang pang-itaas.

“Tony...” Magsasalita na sana ito subalit nagbukas bigla ang pinto sa sumunod na palapag at may mga sumakay na tao kaya hindi na sila nakapag-usap.

Lalong nahihiya sa sarili si Tony kaya pagdating sa kanilang palapag ay agad siyang bumaba ng elevator.

“Tony...” tawag ni Raphael.

Nagkataong sa labas ay may mga taong naghihintay na kakilala.

“Congratulations, Raphy,” narinig niyang sabi ng isa.

“Best Wishes sa Saturday. Papatali ka na talaga,” anang isa pa.

Sinamantala ni Tony abala ang ‘kapatid’ sa mga kausap, patakbo na siyang lumayo. Hindi na niya

inalam ang sasabihin nito dahil bigla siyang natakot na lalong masaktan.

At nang marating ang silid, agad na pumasok ang dalaga at ini-lock ang pinto. Nagsimula siyang umiyak at magmukmok.

Lalo niyang napatunayan na kailangan na talaga niyang kalimutan si Raphael at ang kanyang pamilya.